

Oras na para Bigyan ng Babala ang mga Tao tungkol sa Pagkaka-expose sa Ingay

Inaasahan ng World Health Organization na bago sumapit ang 2050 halos 2.5bilyongtaosabuongmundoangmawawalanngpandinigsailangpunto. Bagama't may iba't ibang dahilan na hahantong sa prediksiyon na ito, ang pangunahing nag-aambag dito ay ang napakaraming taon na nagtatrabaho sa mga lugar na may ingay na nasa mapanganib na mataas na mga antas. Satinatayang 11 milyongtaonakasalukuyangnagtatrabahosamailingayna lugarsaCanada,mahalagangproblemasabansaangpanganibngpagkawala ng pandinig na maaaring makapagpabalda.

Alinsunod, nagpasa ng mga batas ang mga pamahalaan na naglilimita sa mga antas ng ingay na pinahihintulutan ma-expose ang mga manggagawa. Nakasaad sa Bahagi 12 ng Mga Regulasyon sa Kaligtasan at Kalusugan sa Lugar ng Trabaho ng Manitoba at Bahagi 7 ng Mga Regulasyon sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho ng Canada ang mga panuntunan para sa pagkaka-expose sa ingay sa lugar ng trabaho para sa mga employer na kabilang sa ilalim ng panlalawigan at pederal na hurisdiksyon nang magkaka-hiwalay. Idinedetalye ng mga bahaging ito ang pinakamataas na mga antas ng pagkaka-expose para sa mga manggagawa, kung kailan kailangan ng pagsubok sa ingay, at ang mga sukatan sa pagpapatupad ng mga hakbang sa pagkontrol.

Ang pagsunod sa batas ay hindi lang ang kailangang malaman ng mga employer pagdating sa ingay sa lugar ng trabaho. Ang mga taong nakakaranas ng pagkawala ng pandinig dahil sa mga antas ng ingay sa kanilang mga kasalukuyan o nakaraang lugar ng trabaho ay maaaring kwalipikadong gumawa ng claim sa WCB. Dahil maraming taon bago lumitawang pagkawalang pandinig, maaaring gumawang matagumpay na claim para sa kabayaran ng mga manggagawa ilang taon matapos umalis ang empleyado sa isang organisasyon.

Malaki ang mga epekto nitoparasang mga empleyernanasatransportasyon. Ang matagalang pagkaka-expose sa ingay ay pang-apatsapin akakaraniwang uri ng claims sa industriya at ito ang dahilan sa humigit-kumulang 5% ng lahat



ng claim sa anumang partikular na taon. Nakakaapekto ang mga claim na ito sa mga premium na binabayaran ng mga employer sa WCB, ibig sabihin, ang mga pinsala na may kaugnayan sa pandinig ay direktang nagdudulot ng gastos sa mga employer sa transportasyon ng libu-libong dolyar kada taon.

Ano ang magagawang pamamagaling sa pagkawalang pandinig sa iyong lugar ng trabaho? Ang magandang unang hakbang ay sukatin ang mga antas ng ingay sa iyong lugar ng trabaho para malaman kung mayroong mapanganib na mga antas sa iyong lugar ng trabaho. Ang isa pang magandang kasanayan ay magsagawa sa lugar ng trabaho ng pag-assess ng panganib na partikular sa ingay. Ang mga inisiyatibang hinahangad na aktibong matukoy ang mga elementong lugar ng trabaho na gumagawang pinakamatinding mga antas ng mga tunog ay magandang pagkakataon para makontrol ang panganib na magagawain at kapaligiran bago humantong ang mga ito sa pinsala sa pandinig. Ang mga aktibidad at kapaligiran na may matinding ingay ay nagdudulot ng parehong mga antas ng panganib na idinudulot ng iba pang mga uri ng pinsala at dapat itong kontrolin sa parehong paraan.

Maghanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga pagpanganib ng ingay at pagkawala ng pandinig sa mga link na nasa ibaba:

- [Articlen ng World Health Organization tungkol sa pagkawalang pandinig](#)
- [Pag-aaral ng Statistics Canada tungkol sa pagkawala ng pandinig](#)
- [Impormasyon ng Canadian Centre for Occupational Health and Safety tungkol sa ingay](#)
- [Patakarang WCB tungkol sa pagkawalang pandinig dahil sa ingay](#)

Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!

Kung gusto mong makakuha ng access sa gamit sa pagkuha ng sample na nangunguna sa industriya, makipag-ugnayan sa RPM para samantalahin ang kanilang programa sa pag-aaral ng ingay. Gumagamit ang programa ng makabagong gamit para sa dosimetry para suriin ang metrics ng tunog na mayroon sa inyong lugar ng trabaho. Makipag-ugnayan sa iyong RPM advisor para sa higit pang impormasyon.

Nagbibigay din ang RPM ng kursong *Hazard Identification & Risk Control*, nanagbibigay sa mga estudyanteng praktikal na kaalamang kinakailangan para matukoy, ma-assess at makontrol ang mga mapanganib na elemento ng kanilang lugar ng trabaho para magampanan ang kanilang tungkulin sa pag-iwas sa mga mapanganib na insidente. Pakitandaan na binibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro sa RPM lang. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!



» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5